United States Department of Agriculture

# Checklist para sa Pagdadagdag o Pagpapalit ng Manok

Ang pagsisimula sa malulusog na manok ay ang pinakamahusay na paraan upang mapanatiling ligtas ang mga kawan mula sa sakit. Ang ibig sabihin nito ay ang pagbili ng iyong manok mula sa mga mapagkukunan na kalahok sa Pambansang Plano sa Pagpapabuti ng Manukan (NPIP, www.poultryimprovement.org). Laging magsagawa ng mahusay na biosecurity upang matiyak na ang iyong mga kawan ay nananatiling malusog at walang sakit.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng kooperatiba sa lalong madaling panahon. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono para sa mga contact sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling pigilin ang sakit sa loob ng isang kawan.

## Suriin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | Numero ng Telepono |
|---|---|
| Beterinaryo | ____________ |
| Ekstensiyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ____________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ____________ |
| USDA | 866.536.7593 |

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA
United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Makatutulong na Tip Upang Panatilihing Malusog ang Iyong mga Kawan

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang plano sa biosecurity na partikular sa isang lugar, mangyaring sundin ito. Dapat tiyakin ng mga tagapag-alagang pangkomersyal na ang kanilang mga planong partikular sa isang lugar ay sumusunod sa mga prinsipyo ng biosecurity ng NPIP.

- [ ] **Bumili o kumuha ng manok** mula lamang sa sertipikadong taga-breed, pamisaan, at dealer ng NPIP. Kapag kumukuha ng kapalit na manok, maaari kang humiling ng kopya ng mga protokol sa biosecurity ng pamisaan o pinagkukunang manukan.
- [ ] **Kumpirmahin na ang manok na iyong binibili** ay nasuring malinis mula sa parehong mga sakit na kung saan nasuri rin ang kasalukuyang kawan mo.
- [ ] **Kapag personal na bumibili ng manok,** suriin para sa mga palatandaan ng mabuting kalusugan at tinatayang edad. Huwag bumili ng mga ibon na tila matanda na o hindi malusog.
- [ ] **Laging ibiyahe ang kapalit o bagong manok** sa mga kagamitan at sasakyan na regular na nalilinis, dinidisimpekta, at iniinspeksyon. Para sa mga komersyal na operasyon, ang traktora / trailer na nagdadala ng mga manok ay dapat sumunod sa mga protokol ng biosecurity sa pagpasok sa lugar.
- [ ] **Tiyaking linisin at disimpektahin** ang mga kasangkapan, kulungan, at anumang iba pang kagamitan na ginagamit para sa transportasyon. Ibalik ang mga walang laman na kulungan sa trailer at pagkatapos ay linisin at i-decontaminate ang mga kulungan bago sila dalhin sa ibang lugar.
- [ ] **Magsuot ng damit na partikular sa isang lugar,** kabilang ang sapatos, kapag naglo-load o naghahatid ng manok. Para sa komersyal na operasyon, ang mga tauhan na naglo-load ng mga kulungan ng manok sa trailer ay dapat magsuot ng damit na partikular sa isang lugar o huwag nang pumasok sa Linya ng Paghihiwalay.
- [ ] **Kapag nasa bahay, i-quarantine ang mga bagong dagdag** sa loob ng 30 araw. Suriin kung mayroong pagbahing, pag-ubo, nasal drainage, pamamaga ng mata, mga insekto, kuto, at iba pang mga isyu sa kalusugan araw-araw.
- [ ] **Pagkatapos pagsamahin ang mga bagong ibon kasama ang dati mo nang kawan,** suriin ang orihinal na kawan araw-araw para sa anumang palatandaan ng sakit. Ang bigat ng pagbabagong ito ay maaaring maging sanhi ng paglitaw ng sakit na matagal nang nasa loob.
- [ ] **Upang maiwasan ang pang-aapi,** huwag magdagdag ng mga batang manok sa iyong dati nang kawan hanggang sa ang lahat ng manok ay halos magkakasinglaki na.

## Alam mo ba?

*Nag-aalok ang mga mail-order na pamisaan ng mga bakuna para sa isang-araw na gulang na sisiw. Suriin ang mga kinakailangang bakuna sa iyong lugar batay sa mga nakaraang paglaganap ng sakit at kung anong mga bakuna ang ibinibigay ng pamisaan.*

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo ng Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-5 • Inilabas Marso 2019

Ang USDA ay isang tagapag-empleyo, tagapagpahiram at tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, .